# 個人住民税のあらまし
# Buod ng Inhabitant Taxes

## 1. Anu-ano ang mga Individual Inhabitant Taxes?

Dito sa Japan, dalawa ang uri ng buwis na may kaugnay sa pansariling suweldo: ang **Income Tax** (National Tax) at ang **Municipal at Prefectural Inhabitant Tax** (Local tax). Ang Municipal at Prefectural Inhabitant Tax (Local Tax) ay buwis na ibinabayad sa Lungsod ng Hamamatsu. Ang Municipal at Prefectural Inhabitant Tax ay nahahati at kinakalkula sa dalawang parte—ang Municipal Tax at ang Prefectural Tax, at kinokolekta ng buo ng Lungsod ng Hamamatsu.

## 2. Sinu-sino ang kailangan magbayad ng Municipal at Prefectural Inhabitants Tax sa Lungsod ng Hamamatsu?

**Ang mga rehistradong residente ng Hamamatsu mula ika-1 ng Enero ng kasalukuyang taon ay kinakailangang magbayad ng buwis na ito.**
**<u>Ang buwis ng bawat residente ay kinakalkula ayon sa estado ng inyong income noong nakaraang taon (mula Enero hanggang Disyembre).</u>**
Kung sakaling lumipat kayo ng tirahan mula ika-2 ng Enero sa ibang lungsod o munisipalidad, o kaya naman ay lumipat sa ibang bansa, kailangan niyong magbayad ng buwis nang buo kung kayo ay nakatira sa Hamamatsu noong ika-1 ng Enero ng kasalukuyang taon.
**Kung kayo naman ay permanenteng aalis ng Japan**, kailangan niyo ring magbayad ng buwis nang buo. Mayroong "tax agent system" na maaari niyong gamitin at sila ang maaaring mag-asikaso ng mga bagay na may kinalaman sa buwis kapalit ninyo. **Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa Municipal Tax Division sa City Hall.**

## 3. Paano kinakalkula ang Municipal at Prefectural Inhabitant Tax?

Ang inyong annual tax ay kinakalkula batay sa per income levy at per capita levy ng Municipal at Prefectural Inhabitant Tax. Ang kinalabasang halaga ng pagkalkula ng dalawang ito ay ang halaga ng inyong annual Municipal at Prefecutural Inhabitant Tax.

① **Per Income Levy** Halaga ng tax na kinalkula batay sa inyong kinita noong nakaraang taon.

**Halaga ng Annual Taxable Income** (Halaga ng Annual Income noong nakaraang taon — Halaga ng Annual Income Deduction) times × **Tax Rate** subtract — **Halaga ng Tax Deduction** equal ＝ **Per Income Levy**

| Tax Rate | |
|---|---|
| Municipal Inhabitant Tax | 8% |
| Prefectural Inhabitant Tax | 2% |

② **Per Capita Levy**
Ito ay buwis na ipinapataw sa mga residente na ang kanilang kinita noong nakaraang taon ay higit sa nakatakdang halaga.

| Dibisyon | Halaga ng Tax |
|---|---|
| Municipal Inhabitant Tax | 3,500 yen |
| Prefectural Inhabitant Tax | 1,900 yen |

## 4. Panahon para sa pagbayad ng buwis at mga paraan ng pagbabayad

**Special collection**

Sa paraang ito, ang buwis ay hahatiin sa 12 installments at awtomatikong ibabawas ito mula sa sweldo mula Hunyo hanggang Mayo ng susunod na taon.

**★ Kadalasan, ang special collection ay ginagamit para sa mga regyular na empleyado tulad ng mga salary man.**

**Ordinary collection**

Sa paraang ito, ang buwis ay hahatiin sa 4 na installments sa isang taon. Makakatanggap kayo ng mga Tax Payment Notices mula sa Lungsod ng Hamamatsu.
(Ang mga deadline para sa pagbabayad ay June 30th, August 31st, October 31st at January 31st)
※Kung ang deadline ay natapat sa Sabado, Linggo o pambansang holiday, ito ay iuurong sa susunod na business day.

## 5. Tungkol sa mga taxation certificates at certificate ng tax payment

★Ang taxation certificate at certificate ng tax payment ay mga documentong kailangan kung nais niyong magrenew ng estado ng inyong residence.
Kaya naman, siguraduhin na bayad ang inyong Municipal at Prefectural Inhabitant Tax sa tamang panahon.
Bilang karagdagan, kung mayroong pagbabago sa estado ng inyong tax hindi namin maibibigay ang inyong certificate sa parehong araw ng inyong aplikasyon.

**Contact:**


| | |
|---|---|
| 市 民 税 課 | 2F Genmoku Branch Office |
| Hamamatsu City | 120-1 Genmoku –cho Naka-ku |
| Municipal Tax Division | Hamamatsu City |
| Tel. 457-2145 | 430-0948 |